

# 技能実習生の友

## Kaibigan ng mga teknikal intern trainees

Enero 2023 Winter issue

### Mga Paksa

Alamin natin ang kalooban ng mga Hapon sa pamamagitan ng "Man-ga". "Iba't ibang kasiyahan sa panahon ng tag lamig"

◇Snow Country Japan —Ang mekanismo ng malakas na pag ulan ng snow—

◇Ang Bagong Taon sa Japan = Osechi ryori at Nanakusa=  
Kokugo no mori "Kanji na may parehong pagbabasa"

### ALAMIN NATIN ANG KALOOBAN NG MGA HAPON SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

#### — Iba't ibang kasiyahan sa panahon ng tag lamig —



#### Iba't ibang kasiyahan sa panahon ng taglamig!

Sa Japan, kapag taglamig ay bumababa ang temperatura at marami ang lugar na umuulan ng snow. Ang mga sports sa taglamig tulad ng skiing at snowboarding ay sikat din sa mga rehiyong may maraming snow. Sa Japan, mayroong isang sikat na nursery rhyme na tinatawag na "Yuki"(snow) na nagsisimula sa lyrics na "Yuki ya konko, Arare ya konko" at pamilyar sa maraming tao. Kapag nakakakita sila ng snow, naaalala ng maraming tao ang kanta. Makikita ito sa internet kaya mangyaring i-search ito.

Sa panahon ng taglamig, mahalaga rin na kumain ng mga pagkaing nakapagpapainit ng katawan at nakakapigil sa lamig. Siguraduhin na alagaang mabuti ang iyong pisikal na kondisyon.

Ang "Kaibigan ng mga Teknikal Intern Trainees" na nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan, Japanese language teaching materials, four-panel comics, atbp. ay inilalathala sa 9 na wika (Vietnamese, Chinese, Filipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongolian at English) kabilang ang Japanese na may furigana para sa mga teknikal intern trainees at trainees. Gamitin po natin ito !



## Snow Country Japan — Ang mekanismo ng malakas na pag ulan ng snow —

Umuulan ba ng snow sa rehiyon na tinitirhan mo? Ang Japan ay tahanan ng ilan sa may malakas na snowfall area\* sa mundo, at ayon sa "Ranking ng Heavy Snowfall Cities sa buong mundo" ng dayuhang media, ang Aomori City, Sapporo City, at Toyama City ay ipinakilala bilang nangungunang tatlong lungsod sa Japan na maraming snow. Bakit kaya ganito ang snow sa Japan?


Una sa lahat, sa East Asia at Southeast Asia, mayroong seasonal wind (monsoon) na umiihip mula sa Pacific at Indian Oceans hanggang sa bahagi ng continent kapag tag init, at sa tag lamig, baliktad naman at manggagaling ang ihip ng hangin mula sa continent. Dahil dito, sa taglamig, umiihip mula sa mainland ang malamig na dry wind patungo sa arkipelago ng Japan, ngunit ang hanging ito ay dumadaan sa Dagat ng Japan, kung saan dumadaloy ang mainit na agos\* na tinatawag na Tsushima Current\*, na naglalabas ng maraming water vapor\*. Kapag dumaan ang mga monsoon sa mainit na agos na ito, nakukuha nila ang water vapor na ito at bumubuo ng mga ulap. Kapag ang ulap na ito ay umabot sa arkipelago ng Japan, ito ay tumataas sa kahabaan ng bulubundukin at kaagad-agad na lumalamig. Sa oras na iyon, ang malamig na water vapor na nakapaloob sa mga ulap ay nagiging snow, at maraming snow ang bumabagsak sa panig ng Dagat ng Japan.

Sa mga rehiyon ng Kanto at Tokai sa bahagi ng Pacific Ocean, taliwas sa bahagi ng Dagat ng Japan ang mga dry wind ay umaabot sa mga bundok, kaya't maraming araw na dry at sunny sa taglamig.

\*malakas na snowfall area (lugar na maraming snow.Snow country)

\*mainit na agos (agos sa karagatan na mas mainit kaysa sa paligid)

\*water vapor (moisture sa hangin)



Maraming snow sa bahagi ng Dagat ng Japan



Mekanismo na gumagawa ng maraming snow

Kaugnay na impormasyon : NHK WORLD-JAPAN [Mga balita sa wikang banyaga at impormasyon sa pag-iwas sa sakuna]

Matutunghayan din ang mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna, balita at ib pa sa 20 wika at sa easy Japanese.



## Ang Bagong Taon sa Japan = Osechi ryori at Nanakusa=



Ang "Osechi" ay ang kinatawan ng ulam ng Bagong Taon sa Japan. Noong panahon ng Heian (mga taong 794-1185), tinawag na osechi ryori ang pagkaing inialay sa mga diyos na nasa korte ng imperyal (ang palasyo kung saan nakatira ang emperador) sa Araw ng Bagong Taon (ang pagbabago ng panahon). Noong panahon ng Edo (1603-1868), nang kumalat ito sa pangkalahatang publiko, tinawag na "Osechi ryori" ang pagkain ng Bagong Taon, na itinuturing na pinakamahalaga sa mga pista opisyal ng Bagong Taon. Sa modernong lutuing Bagong Taon, ang iba't ibang sangkap tulad ng black soybeans, herring roe, kuri kinton, datemaki, red and white kamaboko, hipon, at iba't iba pang sangkap ay inilalagay sa "jubako" (mga lalagyan na hugis kahon na nakasalansan

sa ibabaw ng bawat isa) at inihahain.

Gayundin, sa ika-7 ng Enero, may kaugalian na kumain ng "Nanakusa Gayu" upang hilingin ang mabuting kalusugan (isang malusog na buhay nang hindi nagkakasakit). Ang ginagamit sa "Nanakusa gayu" (lugaw na may pitong uri ng dahong gulay) ay ang pitong halamang tagsibol: seri, nazuna, gogyou, hakobera, hotokenoza, suzuna (dahon ng kabu), at suzushiro (dahon ng labanos).

<Paano gumawa ng nanakusa-gayu> Una, maghanda ng 1 tasang bigas, 7 tasa ng tubig, at isang kurot na asin. Pagkatapos hugasan ang bigas at ibabad ito sa tubig sa loob ng 30 minuto, ilagay ito sa isang kaldero o palayok (do-nabe kung mayroon ka). Pakuluan ang kaldero sa malakas na apoy, pagkatapos ay bawasan ang apoy sa mahina at hayaang kumulo ng mga 40 minuto. Kapag malambot na ang bigas, ilagay na ang hiniwang "nanakusa". Kapag luto na ang "nanakusa", timplahan ng asin ng bahagya, patayin ang apoy, at hayaang umuusok sandali.

Nitong mga nakaraang taon, maraming supermarket na rin ang nagbebenta ng set ng "Haru no Nanakusa". Madali lang gawin ito kaya't bakit hindi natin subukan!



## Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)

# Teknikal intern trainee - Larawan ng buwang ito



Ipinagdiriwang ng mga teknikal intern trainees na Vietnamese ang Bagong Taon sa Japan at gumawa ng pagbabago sa pamamagitan ng pagsusuot ng napakagandang furisode! Ang pagsusuot ng kimono sa unang pagkakataon ay naging isang magandang alaala nila sa Japan.

※Nai-post noong Enero 2022

(医療法人泉整形外科病院 介護老人保健施設コスモス)

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee.

Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon.

(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



## Gabay sa mga consultation counter

**Kapag namroblema...?** (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

Sa OTIT (Organisasyon para sa Teknikal Intern Training), maaari mong gamitin ang consultation counter sa iyong katutubong wika kapag ikaw ay may problema. Gayundin ang lokal na consultation counter at impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at mga convenient app tulad ng "Mga salitang Hapon sa site" at "Technical Intern Training Handbook".



## Ipaalam sa amin kung anong mga paksa ang gusto mong ilagay namin sa "Kaibigan ng mga Teknikal Intern Trainees"!!

Mangyaring gamitin ang form sa kanan upang ipadala sa amin ang iyong mga opinyon at impresyon tungkol sa leaflet na "Kaibigan ng Teknikal Intern Trainees", mga paksang gusto mong sakupin namin, at mga paksang interesado ka.



旗のカタカナは、漢字を字音通りに読む「音読み」を示しています。指示がなかったら、「て」「みみ」「おもう」のように大和言葉訓読みとして読む方が多いかもしれませんね。

小学校で学習する「シ」と読む漢字は三十三の違う形と意味をもっています。

「シ」「シュ」にも、まだ三つ、四つの漢字がありますよ。



◆ここここたえ

Ang katakana sa "hata" (bandila) ay literal na nagpapahiwatig ng on-yomi na pagbabasa ng kanji. Kung hindi ito ituturo, maraming tao ang maaaring magbasa nito tulad ng pagbabasa ng Yamato kotoba, gaya ng "て", "みみ", at "おもう". Ang kanji na natutunan mo sa elementarya, na binabasa bilang "シ", ay may tatlong iba't ibang anyo at kahulugan. Mayroon ding tatlo o apat na karakter ng kanji para sa "シ" at "シュ".

技能実習生・研修生向け母国語情報誌

**技能実習生の友**

2023年1月 冬季号

2023年1月1日発行

発行

電話

JITCO ホームページ

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

<https://www.jitco.or.jp/>